

Pinasimpleng Buod ng Patakaran sa Tulong Pinansyal

Tulong Pinansyal para sa Emergency o Iba Pang Medikal na Kinakailangang Pangangalaga sa isang Pasilidad ng Ospital ng Sentara*

Kung hindi mo mababayaran ang iyong bill, mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa numero ng telepono o address sa ibaba upang malaman kung kwalipikado ka para sa tulong pinansyal. Susuriin ang pangangailangan ng tulong pinansyal ng bawat pasyente alinsunod sa antas ng kita ng kanyang sambahayan, ayon sa mga may kaugnayang impormasyon at katayuan, gaya ng iniulat na kita, mga ari-arian, sagutin, gastusin at iba pang mga available na mapagkukunan ng impormasyon. Available ang libreng pangangalaga sa mga pasyenteng ang kita ng sambahayan ay 200% o mas mababa sa antas ng pederal na kahirapan, at may available na 75% diskwento sa mga pasyenteng *walang insurance* na ang kita ng sambahayan ay mas mataas sa 200% at katumbas ng o mas mababa sa 400% ng antas ng pederal na kahirapan. Tingnan ang <http://aspe.hhs.gov/poverty/index.cfm> para sa mga kasalukuyang alituntunin sa pederal na kahirapan na inilathala ng U.S. Department of Health and Human Services.

Ang kumpletong patakaran sa tulong pinansyal (financial assistance policy, "FAP"), kasama ang isang aplikasyon para sa tulong pinansyal, ay makikita sa www.sentara.com/financialassistance. May available ding mga papel na kopya sa kahit saang lugar para sa pagpaparehistro ng pasyente sa loob ng isang pasilidad ng ospital ng Sentara at ipapadala sa pamamagitan ng koreo nang libre sa isang pasyente kapag hiniling:

Mga kahilingan sa pamamagitan ng telepono: 757-233-4600

Mga kahilingan sa pamamagitan ng pagpapadala sa koreo: Sentara Healthcare
ATTN: Financial Assistance Coordinator
535 Independence Parkway, Suite 700
Chesapeake, Virginia 23320

Maaaring mag-apply ang mga indibidwal para sa tulong pinansyal sa ilalim ng FAP ng pasilidad sa pamamagitan ng pagpapadala sa koreo ng nakumpletong aplikasyon, kasama ng patunay ng kita ng sambahayan, sa address sa itaas o sa pamamagitan ng pagdadala ng aplikasyon at patunay ng kita ng sambahayan sa alinmang lugar para sa pagpaparehistro ng pasyente ng isang pasilidad ng ospital ng Sentara. Maaari ding tawagan o bisitahin ng mga pasyente ang lokasyon sa itaas upang makatanggap ng tulong sa proseso ng aplikasyon.

Sa sitwasyon ng emergency o iba pang medikal na kinakailangang pangangalaga na saklaw sa ilalim ng FAP, ang mga pasyenteng kwalipikado sa ilalim ng FAP ng isang pasilidad ng ospital ay hindi maaaring singilin nang mahigit sa mga halagang karaniwang sinisingil sa mga indibidwal na may insurance na sinasaklaw ang pangangalagang ito.

Ang mga pagsasalin ng FAP, aplikasyon para sa tulong pinansyal at ng Pinasimpleng Buod ng FAP ay available sa Spanish, Korean, Vietnamese, Tagalog, Urdu at Chinese.

*Ang mga sumusunod na pasilidad ng ospital ng Mga Ospital ng Sentara, Sentara Princess Anne Hospital at Potomac Hospital Corporation of Prince William ay saklaw sa ilalim ng Pinasimpleng Buod ng FAP na ito:

Sentara CarePlex Hospital (kasama na ang Port Warwick ASC)

Sentara Leigh Hospital (kasama na ang ASC)

Sentara Norfolk General Hospital

Sentara Northern Virginia Medical Center

Sentara Obici Hospital

Sentara Princess Anne Hospital

Sentara Virginia Beach General Hospital

Sentara Williamsburg Regional Medical Center (kasama na ang Geddy Outpatient Center)